

**PROGRAMANG EXCEL AFTER SCHOOL (pagkatapos ng klase) ng SFUSD  
FORM PARA SA PAGPAPA-ENROLL 2018-2019**

**KUNG PAANO GAGAMITIN ANG PACKET NA ITO PARA SA PAGPAPA-ENROLL**

Puwedeng ma-edit ang packet na ito para sa pagpapa-enroll upang maayon sa mga gabay ng inyong ahensiya. *Ang pagkakawika at ang mga form ang mga batayang bahagi na KAILANGANG nasa packet para sa pagpapa-enroll ng inyong ahensiya.* Puwede kayong magdagdag ng anumang iba pang impormasyon/form kung gusto ninyo. Kung nakapagpadala na kayo ng mga form para sa pagpapa-enroll para sa darating na akademikong taon, puwede kayong magdagdag ng addendum sa inyong mga form para sa fall (taglagas) at nang makasama ang anumang kailangang impormasyon. **Inaasahan na magagawang bago ang lahat ng packet para sa pagpapa-enroll bago sumapt ang Enero 31, 2019.**

Pakipag-aralan ang mga sumusunod para matiyak na naaayon ang packet para sa pagpapa-enroll ng ahensiya sa inyong [Kontrata sa SFUSD](#).

Batayang Bahagi	Kontrata
Impormasyon Tungkol sa Programa (kasama na ang mga Programang May Bayad o Fee Based)	<a href="#">Kontrata II Seksiyon 1-6</a>
Impormasyon Tungkol sa Pagpasok sa Klase (Pagpapa-enroll nang may Prayoridad)	<a href="#">Kontrata II Seksiyon 5di</a>
Progresibong Tugon sa Mapaghamong Pag-uugali (Protocol o Nakatakdang Gawain ng Ahensiya -- pag-uugali, suspensiyon)	<a href="#">Kontrata II Seksiyon 7c</a>
ADA	<a href="#">Kontrata II Seksiyon 30</a>
Pag-aari o Kumpidensiyal na Impormasyon ng Distrito; Impormasyon ukol sa Estudyante (FERPA, datos ng estudyante)	<a href="#">Kontrata II Seksiyon 16a 16b. 16c.</a>
Paglalabas sa Media	<a href="#">Paglalabas sa Media Handbook o Libritong-Gabay ng Mag-aaral P. 130</a>
Paglalabas ng Impormasyon (IEP, 504)	<a href="#">Kontrata II Seksiyon 9f</a>

**Paano kung nasa Handbook na ng ahensiya para sa Magulang ang lahat ng impormasyong ito? Kailangan ko pa rin bang ilagay ito sa Packet para sa Pagpapa-enroll?**

**Oo.** Ang inilalagay natin sa packet para sa pagpapa-enroll ay ang **batayang impormasyon** na kailangang ibahagi. Madalas, napakaraming nakasiksik na impormasyon sa mga handbook na ito. Tunguhin nating makipagkomunikasyon nang malinaw sa mga magulang at maibahagi kung saan sila puwedeng makakuha ng iba pang impormasyon (**halimbawa, “tingnan ang Handbook ng Magulang para sa iba pang impormasyon”**).

**Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng Kodigo ukol sa Pag-asal (Code of Conduct) at Progresibong Tugon sa Mapaghamong Pag-uugali (Progressive Response to Challenging Behavior)?** [MB1]

Posibleng nasa handbook ang Progresibong Tugon sa Mapaghamong Pag-uugali, pero kailangan maipaabot na mayroong internal na protocol ang inyong ahensiya para sa pamamahala sa pag-uugali. Madalas, ang mahahalagang pagkakaiba sa Kodigo ukol sa Pag-asal at sa Progresibong Tugon ay:

- Idinedetalye ng Progresibong Tugon kung ano ang susubukang gawin ng CBO para matugunan ang problema (halimbawa, kumperensiya, kontrata ukol sa pag-uugali)
- Idinedetalye ng Progresibong Tugon kung ano ang susunod na gagawin ng CBO kapag may nangyaring mapaghamong pag-asal, at mas mahalaga rito, **kung paano sasalaminin ng mga konsekwensiya ang mas matinding intensidad batay sa dalas o tindi ng pag-asal**

Hanggang sa ang depinisyon ng ahensiya ng Kodido ukol sa Pag-asal ay nagtutugma sa aming depinisyon ng Sistema ng Progresibong Pagtugon, puwede itong matawag ng anumang pangalan, kasama na ang Kodigo ukol sa Pag-asal.

# PROGRAMANG ExCEL AFTER SCHOOL (pagkatapos ng klase) ng SFUSD FORM PARA SA PAGPAPA-ENROLL 2018-2019

## Form para sa Pagpapa-enroll sa ExCEL

Ikinalulugod ng Programang ExCEL After School ng SFUSD na maghandog na arawang programang after school sa mga estudyante sa marami sa mga paaralan ng SFUSD. Pumipili ang bawat paaralan ng organisasyong nakabase sa komunidad upang magpatakbo ng programang ExCEL at magkaloob ng mataas ang kalidad na karanasang afterschool sa ating mga estudyante.

### Layunin ng mga Programa

Layunin ng pagpopondo na magbigay sa mga estudyante ng mga oportunidad para sa pagpapayaman ng akademikong kaalaman, na dinisenyo upang magtugma sa regular na akademikong programa ng estudyante at, magbigay din ng ligtas na kapaligiran sa mga estudyante. Dinisenyo ang mga programang after school nang may kolaborasyon sa mga paaralan na pinapasukan ng mga estudyante at nang naaayon sa mga gabay ng SFUSD.

### Paano pinopondohan ang mga programa?

Puwedeng makuha ang lahat ng mga Programang ExCEL After School ng SFUSD sa mga paaralang elementarya, K-8 at middle school nang mura para sa mga pamilya, salamat sa mga **pondong grant o tulong pinansiyal mula sa pederal at pang-estadong gobyerno**, pati na rin sa pondong mula sa SFUSD at sa **Departamento para sa mga Bata, Kabataan at Pamilya (Department of Children, Youth & Families, DCYF)**.

Puwedeng makuha ang mga Programang ExCEL After School ng SFUSD sa high school nang walang bayad ang mga pamilya, salamat sa mga pederal na grant at pondo mula sa SFUSD.

Sa SFUSD, co-sponsored o magkatuwang na itinataguyod ng SFUSD (ang programang ExCEL) at ng ka-partner na organisasyong nakabase sa komunidad ang karamihan ng mga programang after school at pag-aaral sa tag-araw na nakabase sa paaralan. Pinopondohan ang karamihan sa mga ito sa pamamagitan ng kombinasyon ng singil sa pamilya at mga grant ng lungsod, estado at pederal na gobyerno, na walang garantiyang makukuhang muli kapag natapos na ang siklo ng grant.

Matindi ang kompetisyon para sa mga grant ng estado at pederal na gobyerno. Pinipili ng CDE ang mga paaralan na tatanggap ng grant, pinagdedesisyunan ang halaga ng grant, at ang bilang ng estudyanteng pagsisilbihan ng grant.

Bukod sa mga grant na lokal, mula sa estado at mula sa pederal na gobyerno, may kontribusyon din ang *[insert your agency's name]* na resources o mapagkukunan, kapwa sa pamamagitan ng mga bagay (in-kind) at ng pera (in-cash), at nang makapaglingkod sa mas maraming pamilya at/o makapagbigay ng mas maraming oportunidad para sa pagpapayaman ng kaalaman sa mga estudyante. **TANDAAN: Kung HINDI nagbibigay ng iba pang resources o mapagkukunan ang inyong ahensiya, hindi ninyo kailangang isama ang pangangusap na ito.**

### **Itinatakda sa bawat paaralan na tumatanggap ng pondo para sa after school ang:**

1. Pagpatakbo ng programang after school nang hindi bababa sa 3 oras/araw, sa loob ng hindi bababa sa 15 oras/linggo, at hanggang sa 6pm
2. Pagkaloob ng mga gawaing akademiko, para sa pagpapayaman ng kaalaman, para sa paglilibang, at pisikal
3. Pagbibigay ng masustansiyang meryenda
4. Pagpatakbo kung saan hindi lalampas sa dalawampu-sa-isa (20:1) ang ratio o pagkakatumas ng estudyante sa kawani

### Pagbibigay ng Prayoridad para sa Puwesto sa Programa

Dahil madalas na mas malaki ang pangangailangan para sa mga Programang ExCEL kaysa sa kapasidad na kayang tugunan ng pondo, bibigyan ng prayoridad sa pagpapa-enroll ang mga estudyanteng natukoy ng programa bilang kabataang homeless o nasa pangangalagang foster. Bukod rito, bibigyan din ng prayoridad ang mga estudyanteng pumapasok sa programang pambuong araw, limang araw sa isang linggo. Tutukuyin din ang mga estudyante sa pamamagitan ng prosesong espesipiko sa paaralan batay sa mga sumusunod, ngunit hindi nalilimitahan sa mga ito: akademikong pangangailangan, suporta para sa Mag-aaral ng Ingles (English Learner), pagbubulakbol o truancy, at pangangailangan batay sa sosyo-emosyonal na pag-asal. Bibigyan din ng prayoridad ang mga estudyanteng pumapasok sa paaralan ng programang after school. **TANDAAN: Kailangang makipagkomunikasyon ang mga ahensiya sa administrador ng PAARALAN para sa mas espesipikong wika ukol sa: proseso ng pagpili ng paaralan.**

## **PROGRAMANG ExCEL AFTER SCHOOL (pagkatapos ng klase) ng SFUSD FORM PARA SA PAGPAPA-ENROLL 2018-2019**

### Maagang Paglabas para sa Programa:

Ayon sa mga gabay ng grant, inaasahan sa mga naka-enroll na estudyante sa elementarya at middle school na pumasok sa programa araw-araw hanggang 6pm. Bibigyan ng prayoridad sa pagpapa-enroll ang mga estudyanteng papasok sa programa araw-araw hanggang 6pm. Puwedeng maisaayos ang pagkakaroon ng maagang paglabas mula sa programa. Sa tuwing sinusundo ninyo ang inyong anak bago ang pagtatapos ng programa, dapat ninyong malaman na KAILANGANG bigyan kayo ng kawani ng code o kodigo na gagamitin sa Sign Out Sheet (pinipirmahang papel bago lumabas) ng ExCEL.

Mga Programang may Bayad (Fee-based) - Lahat ng mga programang ExCEL after school sa paaralang elementarya at middle school ay mga programang may bayad. May istruktura ng pagbabayad ng co-payment (kabahagi sa pagbabayad) sa kabuuan ng distrito para sa LAHAT ng ExCEL na pang-elementarya/K-8 at middle school na programang after school.

- Hindi na pababayaran ang buwanang co-payment sa pamilya na may anak na nasa programa kung homeless na kabataan ito o batang nasa foster care o pangangalaga ng estado.
- Hindi na pababayaran ang buwanang co-payment sa pamilyang kuwalipikado para sa Libre o Murang tanghalian, maliban na lamang kung itinatakda ang mga co-payment ng lokal, pang-estado, o pederal na programa para sa subsidyo sa matrikula. Kailangang kompletuhin ng mga pamilya ang [Aplikasyon ng SFUSD para sa Pagkain](#) nang taon-taon para maging kuwalipikado sa pagwawaksi ng buwanang co payment. Kapag kinompleto ng pamilya ang aplikasyon online, puwedeng mag-print ng sulat para sa pagiging kuwalipikado (eligibility letter) mula sa online account ng pamilya. Kapag papel na aplikasyon ang kinompleto ng pamilya, ipadadala sa bahay ang sulat para sa pagiging kuwalipikado.
- Ang pamilyang hindi kuwalipikado para sa libre/murang tanghalian ay magbabayad ng co-payment batay sa kakayanan (sliding scale) na mula sa \$50 hanggang \$500/buwan.

Para sa iba pang impormasyon, tingnan ang [Mga Madalas Itanong \(FAQ\)](#)

### Batas para sa mga Amerikanong may Kapansanan (Americans with Disabilities Act, ADA)

Kaiba sa araw ng pagpasok na kinakailangang sumunod sa Batas para sa Edukasyon ng mga Indibidwal na may Kapansanan (Individualized with Disabilities Education Act, IDEA), kailangang sundin ng programang after school ang Batas para sa mga Amerikanong may Kapansanan (ADA). Kailangang accessible o nakukuha at nagagawa ng mga estudyanteng may kapansanan ang mga serbisyo at gawaing ipinagkakaloob ng pampublikong entidad sa publiko, direkta man ito o sa pamamagitan ng ahensiya, nang may **makatwirang akomodasyon** (halimbawa, pederal, pang-estado at lokal na karapatan ng may kapansnan, tulad ng Seksiyon 504). Puwedeng kasama sa pagpapa-enroll sa programa ang pagtatanong kung kailangan ng estudyante ang mga karagdagang suporta, pero hindi magagamit ang impormasyong iyon para maimpluwensiyahan ang pagpapa-enroll. Kung may planong 504 o planong IEP ang estudyante, puwedeng humiling ang programang ExCEL ng pamamaraang gamitin ang impormasyong ito upang matukoy kung anong makatwirang akomodasyon ang magagawa para masuportahan ang pagsali sa programa.

### Mga Kapaligirang Ligtas at Nagbibigay ng Suporta - Progresibong Tugon sa Mapaghamong Pag-uugali

Kailangang tiyakin ng mga programang ExCEL, nang may kolaborasyon sa pang-araw na paaralan, na sapat ang mga polisiya at nakatakdang gawain sa programa nito upang matiyak ang kaligtasan ng mga kawani, estudyante at miyembro ng pamilya. Itinatakda sa mga programang ExCEL na gawan ng dokumentasyon ang mga nasaktan o napinsalang tao, rekomendasyon at sitwasyon ng krisis. Ibabahagi ng bawat ahensiya ang kanilang progresibong tugon sa mapaghamong pag-uugali sa mga kawani, estudyante at pamilya. Kailangang kasama sa Progresibong Tugon sa Mapaghamong pag-uugali ang mga panlahat na gawain sa program upang maitaguyod ang ligtas at nagbibigay ng suportang komunidad. Dapat ay kasama rin dito ang mga internal na proseso sa pamamahala ng mapaghamong pag-uugali na posibleng magresulta sa alternatibong mga konsekuwensiya (halimbawa, Restorative Circles o mga Pag-uusap para sa Pagpapanumbalik o Pagpoproseso ng mga Naiisip o Nararamdaman) o Antas II (halimbawa, kontrata ukol sa pag-asal) o suspensiyon mula sa programa.

**PROGRAMANG ExCEL AFTER SCHOOL (pagkatapos ng klase) ng SFUSD  
FORM PARA SA PAGPAPA-ENROLL 2018-2019**

Form para sa Pahintulot ng Magulang at Impormasyon tungkol sa Mag-aaral

Pahintulot na Lumahok sa ExCEL na Programang After School

Binibigyan ko ang aking anak ng permiso na lumahok sa XXXX/XXXX ExCEL na Programang After School,

Pangalan ng Programa	Paaralan

Ibinigay na Pangalan ng Mag-aaral	Apelyido ng Mag-aaral	Grado	Petsa ng Kapanganakan	Mayroon ba pang Karagdagang Suporta na kailangan?		
				<input type="checkbox"/> 504	<input type="checkbox"/> IEP	<input type="checkbox"/> Iba pa
				<input type="checkbox"/> 504	<input type="checkbox"/> IEP	<input type="checkbox"/> Iba pa
				<input type="checkbox"/> 504	<input type="checkbox"/> IEP	<input type="checkbox"/> Iba pa
				<input type="checkbox"/> 504	<input type="checkbox"/> IEP	<input type="checkbox"/> Iba pa

Address ng Tahanan:		Lungsod:	Zip Code:
Telepono sa Bahay:	Telepono sa Trabaho:		Cell Phone:
Mas Gustong (mga) Wika sa Tahanan:			

**MGA POLISIYA AT PAHINTULOT**

Napag-aralan ko na at naiintindihan ang mga sumusunod na polisiya at impormasyon:

Inisyal ng Magulang	Para sa mga sumusunod:
	MGA ITINATAKDA SA PAGPASOK
	FORM PARA SA KONTAK NA PANG-EMERGENCY AT AWTORISASYON PARA SA MEDIKAL NA PAGGAMOT
	AWTORISADONG PAGSUNDO
	PAHINTULOT NA GAWAN NG EBALWASYON ANG MGA PROGRAMA AT SUBAYBAYAN ANG PAG-UNLAD NG ESTUDYANTE
	PAGLALABAS NG LITRATO/BIDYO
	AWTORISASYON PARA SA PAGLALABAS NG KUMPIDENSIYAL NA IMPORMASYON ( <i>OPSIYONAL kung naaangkop</i> )

**PROGRAMANG ExCEL AFTER SCHOOL (pagkatapos ng klase) ng SFUSD  
FORM PARA SA PAGPAPA-ENROLL 2018-2019**

Lagda ng Magulang/Tagapatnubay: \_\_\_\_\_ Petsa \_\_\_\_\_

**KONTAK NA PANG-EMERGENCY AT AWTORISASYON PARA SA MEDIKAL NA PAGGAMOT**

Pangalan ng Estudyante: \_\_\_\_\_

Grado: \_\_\_\_\_

Petsa ng Kapanganakan: \_\_\_\_\_

Kapag nagkaroon ng emergency, pakikontak si:

\_\_\_\_\_  
Pangalan

\_\_\_\_\_  
Relasyon

\_\_\_\_\_  
Telepono: trabaho/bahay/cell

\_\_\_\_\_  
Pangalan

\_\_\_\_\_  
Relasyon

\_\_\_\_\_  
Telepono: trabaho/bahay/cell

May seguro ba sa kalusugan ang inyong anak? OO

WALA

\_\_\_\_\_  
Pangalan ng Medikal na Seguro

\_\_\_\_\_  
Polisiya/ Seguro #

\_\_\_\_\_  
Pangalan ng Pangunahing Naka-seguro

\_\_\_\_\_  
Medikal na Kasaysayan na posibleng mahalaga

\_\_\_\_\_  
Gamot na iniinom ng Estudyante

\_\_\_\_\_  
Ilista ang anumang Allergy

\_\_\_\_\_  
Pangalan ng Doktor ng Bata

\_\_\_\_\_  
Telepono

Binibigyan ko ng awtorisasyon ang mga Kawani ng ExCEL na Programang After School na magbigay at/o kumuha ng pang-emergency na medikal na paggamot na kailangan ng aking anak sa panahon ng Programang After School.

Lagda ng Magulang/Tagapatnubay: \_\_\_\_\_ Petsa \_\_\_\_\_

**AWTORISADONG MGA PAGSUNDO**

Mga Nakatatanda na Awtorisadong Sumundo sa Estudyante

\_\_\_\_\_  
Pangalan

\_\_\_\_\_  
Relasyon sa Estudyante

\_\_\_\_\_  
Telepono

\_\_\_\_\_  
Pangalan

\_\_\_\_\_  
Relasyon sa Estudyante

\_\_\_\_\_  
Telepono

Mga Nakatatanda na HINDI awtorisadong Sumundo sa Estudyante (ilakip ang may kaugnayang dokumentasyon)

\_\_\_\_\_

**PROGRAMANG ExCEL AFTER SCHOOL (pagkatapos ng klase) ng SFUSD  
FORM PARA SA PAGPAPA-ENROLL 2018-2019**

**PAHINTULOT NA GAWAN NG EBALWASYON ANG MGA PROGRAMA AT SUBAYBAYAN ANG  
PAG-UNLAD NG ESTUDYANTE**

Sa panahon ng pagpasok ng inyong anak sa ExCEL na Programang After School, posibleng makinabang siya mula sa naka-ayong suporta na mula sa pagpasok sa paaralan sa araw at magagamit sa programang after school.

Pangalan ng Estudyante: \_\_\_\_\_ Grado: \_\_\_\_\_

Pangalan ng Magulang: \_\_\_\_\_ Petsa: \_\_\_\_\_

\_\_ (inisyal ng magulang), Binibigyan ko ng permiso ang mga Kawani ng ExCEL na Programang After School na pag-aralan ang datos sa paaralan ng aking anak (mga marka sa eksamen, report card o talaan ng mga asignatura at marka, at iba pang sukatan ng pagganap) para sa layunin ng pagkakaloob ng tinatarget na akademikong instruksiyon at pagtatasa sa pagiging epektibo sa larangang akademiko ng Programang After School. Ibinibigay ko rin ang permiso ko sa kawani ng Programang After School na subaybayan ang pag-unlad ng aking estudyante at itakda sa aking anak na kompletuhin ang mga sarbey sa paggawa ng ebalwasyon para sa layunin na malaman kung epektibo ang programa.

**PROGRAMANG ExCEL AFTER SCHOOL (pagkatapos ng klase) ng SFUSD**

**FORM PARA SA PAGPAPA-ENROLL 2018-2019**

**PAGLALABAS NG LITRATO/BIDYO**

**Form para sa HINDI PAGSALI (OPT OUT FORM)**

Habang pumapasok ang inyong anak sa ExCEL na Programang After School, posibleng sumali siya sa gawain na kinukunan ng litrato o ibinibidyo; posibleng magamit ang mga litrato/recording ng bidyo na ito para sa mga layunin ng paggawa ng promosyon.

Pangalan ng Estudyante: \_\_\_\_\_ Grado: \_\_\_\_\_

Pangalan ng Magulang: \_\_\_\_\_ Petsa: \_\_\_\_\_

Sa pamamagitan ng hindi pagsusumite ng form para sa hindi pagsali, binibigyan ko ng awtorisasyon ang SFUSD o sinumang ikatlong partido na inaprubahan nito, na kunan ng litrato o ibidyo ang aking anak sa mga gawain ng programang After School at i-edit o gamitin ang anumang litrato o recording, batay sa pagpapasya lamang ng SFUSD. Naiintindihan kong wala akong legal na karapatan o interes mula sa pagrerekord na ito, kasama na ang pang-ekonomikong interes, at gayon din ang aking anak. Pumapayag din akong ilabas at ituring na walang masamang nagawa ang SFUSD at sinumang ikatlong partido na inaprubahan nito, mula at laban sa anumang paghahabol o claim, mahigpit na paghingi, pinsala, at pananagutan na magmumula sa recording o sa paggamit nito.

\_\_\_\_\_ (inisyal ng magulang), **HINDI KO** binibigyan ng permiso ang ang aking anak na makunan ng litrato o ibidyo ng programang After School para sa mga layunin ng paggawa ng promosyon.

**PROGRAMANG ExCEL AFTER SCHOOL (pagkatapos ng klase) ng SFUSD  
FORM PARA SA PAGPAPA-ENROLL 2018-2019**

*Kung Naaangkop:*

**PERMISONG MAGKAROON NG PAMAMARAANG MAGAMIT ANG PLANONG 504 O ANG PLANO  
PARA SA PANG-INDIBIDWAL NA EDUKASYON (INDIVIDUALIZED EDUCATION PLAN, IEP).**

Binibigyan ko ng awtorisasyon ang pagpapalitan ng impormasyon para kay \_\_\_\_\_ (pangalan ng estudyante) na nakalarawan sa ibaba sa pagitan ng San Francisco Unified School District at ng (mga) sumusunod na ahensiya at/o indibidwal:

(Mga) Ahensiya \_\_\_\_\_ (Pangalan)

Maitutupad ang awtorisasyon ito sa mga sumusunod na impormasyon: (Paki-tsek ang bawat linya na naaangkop)

Planong 504

Plano para sa Pang-indibidwal na Edukasyon (IEP)

**Pagkawala ng Bisa:** Mawawalan ng bisa ang awtorisasyon na ito sa (petsa o pangyayari): \_\_\_\_\_

**Mga Restriksiyon:** Hindi ito puwedeng ilabas ng mga provider o tagabigay ng serbisyo na makatatanggap ng impormasyong ito sa ibang tao, maliban na lamang kung may napirmahan pang ibang form para sa awtorisasyon.

**Ang inyong mga Karapatan:** Puwede kayong tumangging pirmahan ang form na ito. Puwede ninyong kanselahin ito sa anumang panahon sa pamamagitan ng pagsasabi nang nakasulat sa San Francisco Unified School District. Kapag kinansela ninyo ang inyong permiso na pahintulutan ang paglalabas ng impormasyon tungkol sa inyo/inyong anak, agad itong ipatutupad (maliban na lamang kung may naglabas na ng impormasyon). May karapatan kayong makatanggap ng kopya ng Awtorisasyon na ito.

Lagda ng Magulang/Tagapatnubay \_\_\_\_\_ Petsa \_\_\_\_\_

Isaad ang relasyon sa estudyante: \_\_\_\_\_